Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagtulak sa panlalansi nito para maging pasaring."}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {May pumuntang isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang isa sa amin ay nakatatagpo sa sarili niya ng nag-aalok ng bagay na ang maging uling siya ay higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa magsalita siya hinggil doon." Kaya naman nagsabi siya: "Si Allāh ay pinakadakila! Si Allāh ay pinakadakila! Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagtulak sa panlalansi nito para maging pasaring."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud at Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā]

May pumuntang isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang isa sa amin ay nakatatagpo sa sarili niya ng isang bagay na nangyayari sa sarili subalit ang pagsasalita kaugnay roon ay mabigat sa punto na ang maging abo ay higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa magsalita siya hinggil doon." Kaya naman nagdakila [kay Allāh] ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang dalawang ulit at nagpuri siya kay Allāh na nagtulak sa panlalansi ng demonyo tungo sa payak na pagpapasaring.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65012